Lungsod ng Seattle
Gregory J. Nickels, Alkalde

MGA PAALALA

Para sa Pangmadaliang Pagpapalabas

Hunyo 3, 2008

Makipag-ugnayan kay: Alex Fryer, (206) 684-8358 o (205) 423-4541 (cell)
Alex.fryer@seattle.gov

Nananawagan ang Alkalde sa publiko na tumulong sa pagbuo ng Customer Service Bill of Rights

Ang mga miyembro ng Komunidad ay inaanyayahan na makibahagi sa pamamagitan ng pagsasagot sa survey hanggang Hunyo 30

SEATTLE — Kung sakali man na mawalan ng kuryente, may naantalang permiso para sa gusali, o mga katanungan tungkol sa buwis, ang mga customer ng lungsod ng Seattle ay madalas na kinakailangang tahakin ang isang hindi nararapat na kumplikadong burukratikong sistema bago malutas ang kanilang mga problema. Ipinahayag ni Alkalde Greg Nickels na kaya ng gobyerno na gumawa ng mas mahusay at nais niyang makarinig mula sa inyo.

“Sinasabi ng ilan na ang gobyerno ay hindi isang negosyo; wala tayong mga customer. Sa aking palagay, ang 600,000 katao na nakatira dito, na nagbabayad ng buwis at tumutulong para sa sigla ng ating lungsod ay hindi sasang-ayon," sinabi ni Nickels. "Ang ating mga customer ay may karapatan para sa mabilis, magaling at madaling makamit na paglilingkod mula sa lungsod.”

Ang pagkikilala na marami sa mga empleyado ang gumagawa ng higit sa kanilang makakaya upang malutas ang mga problema ng mga customer, sinabi ni Nickels na ang problema ay ang sistema na naging burukrasya at pahirap na hindi naman kinakailangan. Upang magtakda ng mga bagong pamantayan at mga inaasahan kapag nangangailangan ng tulong ang mga customer sa anumang serbisyo ng lungsod, ang lungsod ay magtatatag ng Customer Service Bill of Rights.

-- may kasunod pa --

"Plano ko na na baguhin ang paraan ng pamamalakad ng lungsod sa paglilingkod sa customer. At kailangan nating makarinig mula sa ating mga customer upang makabuo ng isang makabuluhang Customer Service Bill of Rights," sinabi ni Nickels. "Sa pamamagitan ng paglalaan ng panahon upang sagutin ang ilang mga simpleng katanungan, ang ating mga customer ay makakatulong sa ating ipagsama muli ang paglilingkod sa customer at serbisyo sa publiko."

Sa loob ng isang taon, ang lungsod ay nakakatanggap ng higit sa 10 milyon na tawag sa telepono at libu-libo pang mga e-mail, liham at bisita mula sa mga taong humihingi ng tulong. Maraming mga kahilingan ay maayos na napapangasiwaan. Ngunit madalas, nakakaranas ang mga tumatawag sa telepono ng mga sumasangay na tawag o pinapasa-pasa na tawag sa pagitan ng iba't ibang departamento ng lungsod.

Ang maiksi na may tatlong-katanungan na survey ay handang makuha sa Web site ng alkalde sa: http://www.seattle.gov/mayor/issues/BillOfRights/. Ang mga nakalimbag na kopya ay handa rin na makuha sa mga sentro ng serbisyo sa bayan (neighborhood service center), mga sentro ng komunidad (community center), sa Seattle Central Library at mga sangay ng aklatan sa bayan.

Ang nakatakdang huling araw upang makumpleto ang survey ay sa Lunes, Hunyo 30. Para sa mga naghahanap pa ng mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa Customer Service Bureau (CSB) sa (206) 684-CITY (2489) o bumisita sa CSB on-line sa www.seattle.gov/customerservice/request.htm

Bumisita sa Web site ng alkalde sa www.seattle.gov/mayor. Alamin ang pananaw ng alkalde ukol sa mga pagsisikap upang mataguyod ang transportasyon, kaligtasan ng publiko, mga oportunidad sa pangkabuhayan at mga komunidad ukol sa kapakanan ng kalusugan (healthy communities) sa pamamagitan ng pagpapalista para sa The Nickels Newsletter sa www.seattle.gov/mayor/newsletter_signup.htm.

###